IJARSCT
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
ISSN: 2581-9429
Volume 5, Issue 1, July 2025
Impact Factor: 7.67

# Localized Games in Pictures: Hulwaran Sa Pagtuturo Ng Filipino Sa Baitang 3 Ng Mababang Paaralan Ng Gibusong Islands

**Olarte, Cristy C., Serdan, Geraldine A.**
Surigao Del Norte State University, Philippines

**Abstract:** *Layunin ng pananaliksik na ito na tukuyin ang bisa ng localized games in picture bilang isang pedagogical na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino, at kung gaano ito kaepektibo kumpara sa karaniwang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo. Gumamit ang pag-aaral ng quasi-experimental na disenyo na may dalawang pangkat: ang control group, na tinuruan gamit ang tradisyunal na estratehiya, at ang experimental group, na sumailalim sa pagtuturo gamit ang localized games in picture.*

*Isinagawa ang parehong pre-test at post-test para sa dalawang grupo upang masukat ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa tinatawag na gain scores. Batay sa resulta ng pagsusuring estadistikal gamit ang independent samples t-test, lumitaw na may makabuluhang pagkakaiba sa performance ng dalawang grupo ($t(12) = 2.15$, $p = 0.049$). Mas mataas ang average gain score ng experimental group (1.5) kumpara sa control group (0.875), na nagpapahiwatig ng mas mahusay na epekto ng makabagong pamamaraan gamit ang localized games in picture.*

*Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang paggamit ng makabago at kontekstuwalisadong estratehiya ay epektibong nakatutulong sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Dahil dito, mariing inirerekomenda na isama ang ganitong uri ng estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang mas mapalalim ang pag-unawa at mas mapaunlad ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto..*

**Keywords***:* Lokal na Laro sa Larawan, Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo, Pagkatuto ng Filipino, Interbensyong Pedagohikal, Pagsusuring Eksperimental